# Lesson 13:
# Ang Dalawang mga Tipan

Kung paanong ang Biblia ay nagpapakilala ng dalawang mga kautusan, isang hindi nagbabago at walang hanggan, ang isa naman ay maaaring baguhin at pansamantala, gayundin na may dalawang mga tipan. Ang salitang tipan ay nangangahulugan ng: isang kasunduan o pangako sa pagitan ng dalawa o mahigit pang mga panig upang maisagawa ang ilang gawain.

**1. Kailan at saan isinagawa ang unang tipan sa pagitan ng Diyos at ng tao?**

*Genesis 3:15* At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong.

Matapos na si Adan at Eva'y magkasala, sila ay binigyan ng isang banal na pangako na isa sa mga inanak ni Eba (Cristo) ang wawasak sa kasalanan at sa ahas (Satanas – Apoc. 12:9). Ang tipang ito ay nag-aalok sa lahat ng mga tao ng kapatawaran at tumutulong na biyaya ng Diyos sa pagsunod sa hinaharap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo.

*Apocalipsis 12:9* At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanas, ang dumadaya sa buong sanglibutan; siya'y inihagis sa lupa, at ang kaniyang mga anghel ay inihagis na kasama niya.

**2. Pagkatapos ng daang mga taon, kanino inulit ang tipang ito?**

*Genesis 17:1* At nang si Abram ay may siyam na pu't siyam na taon, ay napakita ang Panginoon kay Abram, at sa kaniya'y nagsabi, Ako ang Dios na Makapangyarihan sa lahat lumakad ka sa harapan ko, at magpakasakdal ka.

*Genesis 17:2* At ako'y makikipagtipan sa iyo at ikaw ay aking pararamihing mainam.

*Genesis 17:17* At aking papagtitibayin ang aking tipan sa iyo at sa iyong binhi pagkamatay mo sa buong kalahian nila, na tipang walang hanggan, na ako'y magiging iyong Dios, at ng iyong binhi, pagkamatay mo.

*Genesis 22:18* At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagka't sinunod mo ang aking tinig.

*Galacia 3:16* Ngayon kay Abraham nga sinabi ang mga pangako, at sa kaniyang binhi. Hindi sinasabi ng Dios, At sa mga binhi, na gaya baga sa marami; kundi gaya sa iisa lamang, At sa iyong binhi, na si Cristo.

Bagamat ang tipang ito ay ginawa kay Adan at inulit kay Abraham, hindi ito napagtibay malibang mamatay si Cristo. Ito'y nanatili sa pamamagitan ng pangako at tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya; datapuwat ng gawing katotohanan sa pamamagitan ng sakripisyo ni Jesus, ito'y tinawag na "bagong tipan" dahil sa ang dugo (ni Cristo) kung saan ito'y natatakan ay nabuhos pagkatapos sa dugo (paghahandog ng hayop) ng "unang tipan". Ang sampung utos ay ang batayan ng tipang ito (Genesis 26:5), na isa lamang paghahanda upang muling dalhin ang tao sa banal na kalooban, na inilalagay sila kung saan maaring nilang masunod ang kautusan ng Diyos.

*Genesis 26:5* Sapagka't sinunod ni Abraham ang aking tinig, at ginanap ang aking bilin, ang aking mga utos, ang aking mga palatuntunan at ang aking mga kautusan.

**3. Isa muling kasunduan ang nabuo sa pagitan ng Diyos at ng Israel sa bundok ng Sinai na tinukoy sa Kasulatan bilang bahagi ng "luma o matandang tipan" (Hebreo 8:13). Ano ang lumang tipan na ginawa ng Diyos para sa mga anak ni Israel at ano sana ang naging bunga kung ito'y buong katapatang sinunod?**

*Deuterenomio 26:17* Iyong ipinahayag sa araw na ito na ang Panginoo'y iyong Dios, at ikaw ay lalakad sa kaniyang mga daan, at iyong gaganapin ang kaniyang mga palatuntunan, at ang kaniyang mga utos, at ang kaniyang mga hatol, at iyong didinggin ang kaniyang tinig:

*Deuterenomio 26:18* At inihayag ka ng Panginoon sa araw na ito, na maging isang bayan sa kaniyang sariling pag-aari, gaya ng ipinangako niya sa iyo, upang iyong ganapin ang lahat ng kaniyang utos."

*Exodo 19:5* Kaya't ngayon, kung tunay na inyong susundin ang aking tinig, at iingatan ang aking tipan, ay magiging isang tanging kayamanan nga kayo sa akin, na higit sa lahat ng bayan: sapagka't ang buong lupa ay akin;

*Exodo 19:6* At kayo'y magiging isang kaharian ng mga saserdote sa akin, at isang banal na bansa. Ito ang mga salita na inyong sasalitaan sa mga anak ni Israel.

**4. Ano ang naging saligan ng lumang tipan at saan ito isinulat?**

*Deuterenomio 4:13.* At kaniyang ipinahayag sa inyo ang kaniyang tipan, na kaniyang iniutos sa inyong ganapin, sa makatuwid baga'y ang sangpung utos; at kaniyang isinulat sa dalawang tapyas na bato.

*Exodo 20:3* Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko.

*Exodo 20:4* Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis man ng anomang anyong nasa itaas sa langit, o ng nasa ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa:

*Exodo 20:5* Huwag mong yuyukuran sila, o paglingkuran man sila; sapagka't akong Panginoon mong Dios, ay Dios na mapanibughuin, na aking dinadalaw ang katampalasanan ng mga magulang sa mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salin ng lahi ng mga napopoot sa akin;

*Exodo 20:6* At pinagpapakitaan ko ng kaawaan ang libolibong umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos.

*Exodo 20:7* Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng kaniyang pangalan sa walang kabuluhan.

*Exodo 20:8* Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin.

*Exodo 20:9* Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain.

*Exodo 20:10* Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa Panginoon mong Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong tagaibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang daan:

*Exodo 20:11* Sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; na ano pa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng sabbath, at pinakabanal.

*Exodo 20:12* Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina: upang ang iyong mga araw ay tumagal sa

*Exodo 20:13* Huwag kang papatay.

*Exodo 20:14* Huwag kang mangangalunya.

*Exodo 20:15* Huwag kang magnanakaw.

*Exodo 20:16* Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa.

*Exodo 20:17* Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa, huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa, ni ang kaniyang aliping lalake o babae, ni ang kaniyang baka, ni ang kaniyang asno, ni anomang bagay ng iyong kapuwa.

**5. Paano tinanggap ng bayan ang iminungkahing tipan at paano ito pinagtibay o pinairal?**

*Exodo 19:7* At dumating si Moises at tinawag ang mga matanda sa bayan, at ipinahayag sa harap nila ang lahat ng salitang ito na iniutos ng Panginoon sa kaniya.

*Exodo 19:8* At ang buong bayan ay sumagot na magkakaisa, at nagsabi, Yaong lahat na sinalita ng Panginoon ay aming gagawin. At ipinagbigay alam ni Moises ang mga salita ng bayan sa Panginoon.

*Exodo 24:3* At lumapit si Moises at isinaysay sa bayan ang lahat ng mga salita ng Panginoon, at ang lahat ng mga palatuntunan. At ang buong bayan ay sumagot ng paminsan, at nagsabi, Lahat ng mga salita na sinalita ng Panginoon, ay aming gagawin.

*Exodo 24:7* At kaniyang kinuha ang aklat ng tipan, at binasa sa pakinig ng bayan: at kanilang sinabi, Lahat ng sinalita ng Panginoon ay aming gagawin, at kami ay magmamasunurin.

*Exodo 24:8* At kinuha ni Moises ang dugo at iniwisik sa bayan, at sinabi, Narito ang dugo ng tipan, na ipinakipagtipan ng Panginoon sa inyo tungkol sa lahat ng mga salitang ito.

**Karagdagang pag-aaral:**

*Hebreo 9:19* Sapagka't nang salitain ni Moises ang bawa't utos sa buong bayan ayon sa kautusan, ay kumuha siya ng dugo ng mga bulong baka at ng mga kambing, na may tubig at balahibong mapula ng tupa at isopo, at winisikan ang aklat at gayon din ang buong bayan,

*Hebreo 9:20* Na sinasabi, Ito ang dugo ng tipan na iniutos ng Dios tungkol sa inyo.

*Hebreo 9:21* Gayon din ang tabernakulo at ang lahat ng mga kasangkapan sa pangangasiwa ay pinagwiwisikan niya ng dugo sa gayon ding paraan.

*Hebreo 9:22* At ayon sa kautusan, ay halos masasabi kong lahat ng mga bagay ay nililinis ng dugo, at maliban na sa pagkabuhos ng dugo ay walang kapatawaran.

*Hebreo 9:23* Kinakailangan nga na ang mga anyo ng mga bagay sa sangkalangitan ay linisin ng mga ito; nguni't ang mga bagay ring ito sa sangkalangitan ay linisin ng lalong mabubuting handog kay sa rito.

*Hebreo 9:24* Sapagka't hindi pumasok si Cristo sa dakong banal na ginawa ng mga kamay, na kahalintulad lamang ng tunay; kundi sa talagang langit, upang humarap ngayon sa harapan ng Dios dahil sa atin.

**6. Gaano katagal bago ang tipang ito ay sinira?**

*Exodo 24:18* At pumasok si Moises sa gitna ng ulap, at sumampa sa bundok: at si Moises ay natira sa bundok na apat na pung araw at apat na pung gabi.

*Exodo 32:7* At sinalita ng Panginoon kay Moises, Yumaon ka, bumaba ka, sapagka't ang iyong bayan, na iyong isinampa mula sa lupain ng Egipto ay nangagsisama:

*Exodo 32:8* Sila'y humiwalay na madali sa daan na aking iniutos sa kanila: sila'y gumawa ng isang guyang binubo, at kanilang sinamba, at kanilang hinainan, at kanilang sinabi, Ang mga ito'y iyong maging mga dios, Oh Israel, na nagsampa sa iyo mula sa lupain ng Egipto.

**7. Bakit hindi magawang ingatan ng mga Israelita ang kanilang bahagi sa kasunduan na sundin ang mga utos ng Diyos?**

*Exodo 24:7* At kaniyang kinuha ang aklat ng tipan, at binasa sa pakinig ng bayan: at kanilang sinabi, Lahat ng sinalita ng Panginoon ay aming gagawin, at kami ay magmamasunurin.

Ang aklat na tinukoy sa talatang ito ay may kinalaman sa mga direksyong nakaugnay sa mga tungkulin ng bayan sa Diyos, sa isa’t-isa, sa taga-ibang lupa, na kung saan tanging ang mga prinsipyo ng sampung utos ang pinalakas at ibinigay sa tiyak na paraan, upang walang sinumang magkamali. Ang mga ito’y binalangkas upang bantayan ang kabanalan ng sampung prinsipyong iniukit sa mga tapyas ng bato.

*Roma 10:3* Sapagka't sa hindi nila pagkaalam ng katuwiran ng Dios, at sa pagsusumakit na maitayo ang sariling kanila, ay hindi sila napasakop sa katuwiran ng Dios.

**Karagdagang pag-aaral:**

*Juan 15:4* Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo. Gaya ng sanga na di makapagbunga sa kaniyang sarili maliban na nakakabit sa puno; gayon din naman kayo, maliban na kayo'y manatili sa akin.

*Juan 15:5* Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.

*Mateo 26:41* Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa't mahina ang laman.

Hindi napagtanto ng bayan ang pagiging makasalanan ng sarili nilang mga puso, na kung wala si Cristo, hindi mangyayaring masunod nila ang utos ng Diyos. Nadaramang magagawa nilang maitatag ang sariling katuwiran, madali nilang tinanggap ang pakikipagtipan sa Diyos. Pagkalipas lamang ng ilang linggo, bago nila sinira ang kanilang tipan sa Diyos, at sila'y yumukod at sumamba sa mga iniukit na larawan. Hindi na sila nakaasa pa sa lingap ng Diyos sa pamamagitan ng isang tipan na kanilang sinira at ngayon, na namamasdan ang kanilang pagiging makasalanan at pangangailangan ng kapatawaran, nadama sila sa pagkadama ng pangangailangan ng Tagapagligtas na nahayag sa tipan ni Abraham na inaaninuhan ng mga handog. Ngayon ay handa na silang pahalagahan ang mga biyaya ng "bagong tipan".

Dapat alalahanin na ang kautusan ay walang kapangyarihan sa sarili lamang nito na makapagligtas, sa halip, ay magagawa lamang nitong sumumbat.

*Roma 8:3* Sapagka't ang hindi magawa ng kautusan, na mahina sa pamamagitan ng laman, sa pagsusugo ng Dios sa kaniyang sariling Anak na naganyong lamang salarin at dahil sa kasalanan, ay hinatulan ng Dios sa laman ang kasalanan.

*Galacia 3:24* Ano pa't ang kautusan ay siyang naging tagapagturo natin upang ihatid tayo kay Cristo, upang tayo'y ariing-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya.

**8. Paano naiiba ang bagong tipan na ipinangako ng Diyos na gagawin sa Israel sa dati?**

*Jeremias 31:31* Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoon, na ako'y makikipagtipan ng panibago sa sangbahayan ni Israel, at sa sangbahayan ni Juda:

*Jeremias 31:32* Hindi ayon sa tipan na ipinakipagtipan ko sa kanilang mga magulang sa araw na aking kinuha sila sa pamamagitan ng kamay upang ilabas sila sa lupain ng Egipto; na ang aking tipan ay kanilang sinira, bagaman ako'y asawa nila, sabi ng Panginoon.

*Jeremias 31:33* Kundi ito ang tipan na aking ipakikipagtipan sa sangbahayan ni Israel pagkatapos ng mga araw na yaon, sabi ng Panginoon, Aking itatala ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking isusulat sa kanilang puso; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan.

**Karagdagang pag-aaral:**

*2 Corinto 3:3* Yamang nahahayag na kayo'y sulat ni Cristo, na pinangasiwaan namin, hindi isinulat ng tinta, kundi ng Espiritu, ng Dios na buhay, hindi sa mga tapyas ng bato, kundi sa mga tapyas ng pusong laman.

*Hebreo 8:7* Sapagka't kung ang unang tipang yaon ay naging walang kakulangan, ay hindi na sana inihanap ng pangangailangan ang ikalawa.

*Hebreo 8:8* Sapagka't sa pagkakita ng kakulangan sa kanila, ay sinabi niya, Narito, dumarating ang mga araw, sinasabi ng Panginoon, Na ako'y gagawa ng isang bagong pakikipagtipan; sa sangbahayan ni Israel at sa sangbahayan ni Juda.

*Hebreo 8:9* Hindi ayon sa tipang aking ipinakipagtipan sa kanilang mga magulang Nang araw na sila'y aking tangnan sa kamay, upang sila'y ihatid sa labas ng lupain ng Egipto; Sapagka't sila'y hindi nanatili sa aking tipan, At akin silang pinabayaan, sinasabi ng Panginoon.

*Hebreo 8:10* Sapagka't ito ang pakikipagtipang aking gagawin sa sangbahayan ni Israel Pagkatapos ng mga araw na yaon, sinasabi ng Panginoon; Ilalagay ko ang aking mga kautusan sa kanilang pagiisip, At sa kanilang mga puso'y aking isusulat ang mga ito. At ako'y magiging Dios nila, At sila'y magiging bayan ko.

Ang bagong tipan ay nakabatay din sa sampung utos. Hindi lamang nakapaloob dito ang pagsunod na mula sa puso sa pamamagitan ng banal na kapangyarihan sa halip na sa kapangyarihan ng tao, kundi pati na rin ang sakripisyo ni Cristo at ang Kaniyang itinigis na dugo sa halip na mga handog na hayop.

**9. Gaya ng pagkakagamit sa Biblia, ang mga terminong kasunduan at tipan ay magkasingkahulugan; ang lumang kasunduan/tipan ay tumatanaw sa buhay, kamatayan, muling pagkabuhay, at mataas na saserdoteng gawain ni Jesus; at ang bagong kasunduan/tipan ay ang katuparan ng luma. Paano pinagtibay ang bagong kasunduan/tipan?**

*Mateo 26:26* At samantalang sila'y nagsisikain, ay dumampot si Jesus ng tinapay, at pinagpala, at pinagputolputol; at ibinigay sa mga alagad, at sinabi, Kunin ninyo, kanin ninyo; ito ang aking katawan.

*Mateo 26:27* At dumampot siya ng isang saro, at nagpasalamat, at ibinigay sa kanila, na nagsasabi, Magsiinom kayong lahat diyan;

*Mateo 26:28* Sapagka't ito ang aking dugo ng tipan, na nabubuhos dahil sa marami, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.

*Hebreo 9:12* At hindi rin naman sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at ng mga bulong baka, kundi sa pamamagitan ng kaniyang sariling dugo, ay pumasok na minsan magpakailan man sa dakong banal, na kinamtan ang walang hanggang katubusan.

*Hebreo 9:13* Sapagka't kung ang dugo ng mga kambing at ng mga baka, at ang abo ng dumalagang baka na ibinubudbod sa mga nadungisan, ay makapagiging banal sa ikalilinis ng laman:

*Hebreo 9:14* Gaano pa kaya ang dugo ni Cristo, na sa pamamagitan ng Espiritu na walang hanggan ay inihandog ang kaniyang sarili na walang dungis sa Dios, ay maglilinis ng inyong budhi sa mga gawang patay upang magsipaglingkod sa Dios na buhay?

*Hebreo 9:15* At dahil dito'y siya ang tagapamagitan ng isang bagong tipan, upang sa pamamagitan ng isang kamatayan na ukol sa ikatutubos ng mga pagsalangsang na nasa ilalim ng unang tipan, ang mga tinawag ay magsitanggap ng pangako na manang walang hanggan.

**10. Sa ilalim ng mga kondisyon at mga pangako na nasa bagong tipan, maari kayang mangyari para sa lahat ng mga Kristiyano na masunod ang sampung mga utos?**

*Awit 40:8* Aking kinalulugurang sundin ang iyong kalooban, Oh Dios ko; Oo, ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso.

*Judas 1:24* Ngayon doon sa makapagiingat sa inyo mula sa pagkatisod, at sa inyo'y makapaghaharap na walang kapintasan na may malaking galak, sa harapan ng kaniyang kaluwalhatian.

*Filipos 4:13* Lahat ng mga bagay ay aking magagawa doon sa nagpapalakas sa akin.

**Karagdagang pag-aaral:**

*Mateo 5:48* Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal.

*1 Corinto 10:13* Hindi dumating sa inyo ang anomang tukso kundi yaong matitiis ng tao: datapuwa't tapat ang Dios, na hindi niya itutulot na kayo'y tuksuhin ng higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng tukso ay gagawin naman ang paraan ng pagilag, upang ito'y inyong matiis.

*Galacia 2:20* Ako'y napako sa krus na kasama ni Cristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin: at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya na ito'y sa Anak ng Dios, na sa akin ay umibig, at ibinigay ang kaniyang sarili dahil sa akin.

*Filipos 2:13* Sapagka't Dios ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanasa at sa paggawa, ayon sa kaniyang mabuting kalooban.

*Hebreo 13:20* Ngayon ang Dios ng kapayapaan na muling nagdala mula sa mga patay sa dakilang pastor ng mga tupa sa pamamagitan ng dugo ng walang hanggang tipan, sa makatuwid baga'y ang Panginoon nating si Jesus,

*Hebreo 13:21* Ay pakasakdalin nawa niya kayo sa bawa't mabuting gawa upang gawin ang kanyang kalooban, na gawin sa atin ang nakalulugod sa paningin niya, sa pamamagitan ni Jesucristo; na mapasa kaniya nawa ang kaluwalhatian magpakailan man. Siya nawa.

Nagtatagumpay ang bagong tipan kung saan nabigo ang luma, sa dahilang ito'y nagkaroon ng kaganapan, hindi dahil sa ating sariling lakas, sa halip ay sa kapangyarihan ng pananampalatayang nananahan kay Cristo.

*"Ang kautusan ding yaon na isinulat sa mga tapyas ng bato ang isinusulat ng Banal na Espiritu sa mga tapyas ng puso. Sa halip na tayo ay humayo upang magtatag ng sarili nating katuwiran ay tinatanggap natin ang katuwiran ni Kristo. Ang Kanyang dugo ang tu- mutubos sa ating mga kasalanan. Ang Kanyang pagiging masunurin ay ibinibilang na ating pagkamasunurin. At ang puso na binago ng Banal na Espiritu ay magbubunga ng mga "bunga ng Espiritu." Sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo tayo ay mamumuhay sa pagsunod sa kautusan ng Dios na isinulat sa ating mga puso. Sa pagkakaroon ng Espiritu ni Kristo, tayo ay lalakad kung paanong Siya ay lumakad….*

*"Ang gawain ng Dios ay iisa sa lahat ng panahon, bagaman mayroong iba't-ibang antas ng paglago at ibang pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan, upang tugunin ang pangangailangan ng tao sa iba't-ibang kapanahunan. Simula sa unang pangako tungkol sa ebanghelyo, hanggang sa panahon ng mga patriarka at ng mga Hudyo, at maging hanggang sa kasalukuyang panahon, ay nagkaroon ng isang unti-unting pagbubukas ng mga layunin ng Dios sa panukala ng pagtubos. Ang Tagapagligtas na inilalarawan sa mga palatuntunan at seremonya ng kautusan ng mga Hudyo ay Siya ring Tagapagligtas na inihahayag ng ebanghelyo. Ang mga ulap na bumalot sa Kanyang anyong pagka Dios ay nalulon; ang mga ulap at anino ay nawala na; at si Jesus, ang Tagapagligtas ng sanlibutan, ay nahayag. Siya na nagpahayag ng kautusan mula sa Sinai, at nagbigay kay Moises ng mga alituntunin ng batas ng mga seremonya, ay Siya ring bumigkas ng Sermon sa Bundok. Ang dakilang mga prinsipyo ng pag-ibig ng Dios, na Kanyang inilahad bilang pundasyon ng kautusan at ng mga propeta, ay pawang mga pag-uulit lamang ng Kanyang sinalita sa mga Hebreo sa pamamagitan ni Moises: "Dinggin mo, Oh Israel: ang Panginoon mong Dios ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas." Deuteronomio 6:4, 5. "Iibigin ninyo ang inyong kapwa na gaya ng sa inyong sarili." Levitico 19:18. Iisa ang guro sa dalawang kapanahunan. Ang mga ipinag-uutos ng Dios ay iyon din. Ang prinsipyo ng Kanyang pamamahala ay iyon din. Sapagkat ang lahat ay nagmula sa Kanya "na walang pagbabago, ni kahit anino man ng pag-iiba." Santiago 1:17." Patriarchs and Prophets, pages 372, 373.*